# ANG TATAG NI TATAY 2

INIHANDA NG MGA MAG-AARAL NG PUP

INILIMBAG NINA:
ACQUIAT, ABILLON, BA-AY, BESITULO, BOLAÑOS, BORJA, MERCADO, & ORESCO

# ANG AKLAT NA ITO AY PAGMAMAY-ARI NI:



# PAUNANG SALITA:

Kami ay mga mag-aaral ng Public Economics' Batch 2024-2025 na naglalayong magbigay ng makabuluhang ambag sa sektor ng edukasyon ng ating bansa. Hindi lamang ito isang akademikong proyekto na nilikha, kundi isang pagsusumikap na gamitin ang aming kaalaman at karanasan upang magbigay-liwanag sa mga hamon at pag-asa na bumabalot sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng paglalapat ng mga isyung panlipunan at pagbabahagi ng mga istoryang sumasalamin sa kalagayan ng ating mga mag-aaral, guro, at iba pang mga tagapagtaguyod ng edukasyon, hangad naming maipakita ang tunay na mukha ng mga pagsubok na hindi madalas nabibigyang pansin.

Sa simpleng paraan, umaasa kami na makapagbubukas kami ng makabuluhang diyalogo, hindi lamang upang pag-usapan ang mga problema kundi upang pagnilayan kung paano tayo, bilang isang lipunan, ay maaaring kumilos tungo sa makabuluhang pagbabago. Naniniwala kami na ang tunay na sukatan ng pagkatuto ay hindi lamang kung gaano karaming kaalaman ang naipasa mula sa guro patungo sa mag-aaral, kundi kung paano ito nagagamit upang lumikha ng positibong epekto sa lipunan. Ang aming layunin ay hindi lamang makapagbigay ng impormasyon kundi makapagbigay-inspirasyon. Na sa bawat pagbasa ng mga pahinang ito, maramdaman mo hindi lamang ang bigat ng mga hamon kundi pati ang liwanag ng pag-asa. Dahil sa likod ng bawat numero, may kwento. At sa bawat kwento, may pag-asa para sa pagbabago.

Hinihikayat ka naming sumama sa paglalakbay na ito, makinig, magbasa, matuto, at maging bahagi ng tinig na kumikilos para sa isang mas makatarungan at makabuluhang sistema ng edukasyon. Sapagkat ang edukasyon ay hindi lamang tungkol sa hinaharap; ito ay tungkulin nating lahat sa kasalukuyan.

Lubos na gumagalang,<br>
Abi, Aikz, Angela, Bernice, Ethan, Gio, Jef, at Lei
















## FACTS ABOUT TESDA:

THE TECHNICAL EDUCATION AND SKILLS DEVELOPMENT AUTHORITY (OR TESDA) WAS ESTABLISHED IN 1994 THROUGH THE "TECHNICAL EDUCATION AND SKILLS DEVELOPMENT ACT OF 1994" SIGNED BY PRES. FIDEL V. RAMOS. IT SERVES AS THE PHILIPPINES' TECHNICAL VOCATIONAL EDUCATION AND TRAINING WHICH HELPS YOUNG PEOPLE BECOME EMPLOYABLE IN THE WORKFORCE.






FLASHBACK...
DADDY, DADDY! LOOK! I HAVE AN AWARD FROM SCHOOL!
ANG GALING-GALING NAMAN NG BABY GIRL KO! CONGRATS, ANAK!
THANK YOU, DADDY!
HAY... IBA NA TALAGA ANG KABATAAN NGAYON. AKO 'TO ULIT SI KUYA VINCENT AT YUN ANG AKING ANAK NA SI JANET.
SI JANET AY 12 YEARS OLD AT NASA GRADE 6 NA. ANG BILIS TALAGA NG PANAHON-DALAGA NA ANG AKING UNICA HIJA!
ALAM MO, NAKAKATUWA KASI MATALINONG BATA SI JANET, MANA SA TITO MATTHEW NIYA. YUN NGA LANG, HINDI MO RIN TALAGA MAPAGKAKAILA 'YUNG KAIBAHAN NG HENERASYON NGAYON. LALO NA'T IMPORTANTE ANG TAMANG PAGHUBOG MULA PA SA KABATAAN.
PANSIN DIN 'YON NG MOMMY NIYA. SIGURO NGA, MAS MATAAS NA ANG KALIDAD NG EDUKASYON SA MGA PAARALAN NGAYON PARA MATULUNGAN ANG MGA BATANG TULAD NI JANET NA MAABOT ANG KANILANG MGA PANGARAP-MAGING TEACHER, ENGINEER, DOCTOR, O PULITIKO BALANG ARAW.
TANDA KO PA NOONG GRADE 2 SI JANET. MAGALING NA SIYANG MAGSALITA NOON, PARANG ISANG DEBATER. MINSAN NGA, MAS GUSTO PA NIYANG MAGBASA KAYSA MAG-SIESTA. PERO NAPANSIN KO, MAGKAIBA ANG ANTAS NG PAGBABASA NIYA SA ENGLISH AT TAGALOG.
DADDY, YOU KNOW IF YOU FORCE ME TO SLEEP NOW, THEN I WON'T BE GOOD AT READING. I'LL FAIL SCHOOL, AND THAT WOULD NOT MAKE MOMMY HAPPY, RIGHT?
NAPAKAKULIT NA BATA TALAGA!
DADDY, HOW DO YOU READ THIS? KINAUNAN, SI SI NA BI NIYA SA AL...
DADDY, CAN I READ ENGLISH INSTEAD?
TAPOS, NUNG NAG GRADE 3 SI JANET, NAGING BEST IN ARALING PANLIPUNAN SIYA. SABI NG TEACHER NIYA SA AKIN NUNG NAG UN SI JANET AY VERY GOOD DAW SIYA SA PAGKILALA NG MGA KULTURA NG MGA BANSA.


DARLING, WHAT ARE THE 7 CONTINENTS IN THE WORLD?
ASIA, AFRICA, NORTH AMERICA, SOUTH AMERICA, ANTARCTICA, EUROPE, AND AUSTRALIA
WOW, VERY GOOD. WHERE IS THE PHILIPPINES AMONG THESE CONTINENTS?
HMMM... IN AFRICA?
NO DARLING, PHILIPPINES IS IN ASIA.
'YON NGA LANG, NUNG AKO MISMO ANG NAGTATANONG TANONG SA KANIYA, MAY PAGKABUNGI SA PAG-INTINDI NIYA.
TAPOS, NUNG GRADE 4 NAMAN SIYA AT MEDYO HUMIRAP-HIRAP NA YUNG MGA SUBJECTS NIYA, HIRAP DAW SIYA PAGDATING SA MATH AT SAKA FILIPINO .
NAPAPAISIP AKO NA BAKA HINDI KO NABIBIGAY ANG EDUKASYONG DESERVE NI JANET. BILANG GURO, NAIISIP KO NA HINDI PA RIN SAPAT ANG PAGBABAGO NG CURRICULUM PARA MAITAAS ANG KALIDAD NG EDUKASYON.
HI, MOM!
HELLO, ANAK! HOW'S SCHOOL?
I HAD A GREAT DAY AT SCHOOL! I HAVE AN AWARD HERE, OH. SEE?
GOOD JOB, ANAK!
MOMMY, CAN I PLAY OUTSIDE?
SURE, ANAK, BUT DON'T BE OUT TOO LATE, OKAY?
OKAY!
I'M HOMEEE! OH, BABE? NANDITO KA NA PALA?
OO, BABE, EARLY OUT MUNA AKO SINCE WALA NAMAN DAW MASIYADONG TRABAHO SA OFFICE AT NA-RESCHED NA YUNG OFF DAYS KO.
YES, BABE, KUMAIN NA AKO.
HAYS, GOOD TO HEAR. BUTI AT NAGKATAGPO RIN TAYO. KUMAIN KA NA BA?






# PISA FACTS:

ACCORDING TO A STUDY CONDUCTED BY THE PHILIPPINE INSTITUTE FOR DEVELOPMENT STUDIES (PIDS) IN 2020, ONLY ONE (1) OUT OF FIVE (5) SENIOR HIGH SCHOOL GRADUATES ENTER THE LABOR FORCE, WITH THE MAJORITY DECIDING TO CONTINUE WITH THEIR TERTIARY EDUCATION.


THE PHILIPPINES, PARTICIPATING IN THE PROGRAM FOR INTERNATIONAL STUDENT ASSESSMENT (PISA), HAS SHOWN MINIMAL IMPROVEMENT IN EDUCATION OUTCOMES UNDER THE K-12 SYSTEM. IN 2018, THE COUNTRY RANKED THE LOWEST IN READING WITH A SCORE OF 340 AND THE SECOND LOWEST IN MATH AND SCIENCE, SCORING 353 AND 357, RESPECTIVELY. BY 2022, DESPITE THE IMPLEMENTATION OF THE K-12 CURRICULUM DESIGNED TO ENHANCE THE QUALITY OF EDUCATION, THE PHILIPPINES ONLY SLIGHTLY IMPROVED, SCORING 347 IN READING, 355 IN MATH, AND 356 IN SCIENCE, HIGHLIGHTING ONGOING CHALLENGES IN THE EDUCATION SYSTEM.





THIS IS SO BAD! DO YOU THINK...JANET'S THE SAME CASE?
MAARING HINDI, PERO PAANO NA LANG ANG MGA KAKLASE NIYANG SABI NGA NATIN, HINDI MAKASABAY SA PACING NG SCHOOL?
PERO ALAM MO, HINDI PA NAMAN HULI ANG LAHAT EH. MAY MGA PUWEDE PANG BAGUHIN PARA MAIBIGAY ANG KALIDAD NA EDUKASYON. MADALAS NAMIN 'YANG NAPAG-UUSAPAN NI MATTHEW.
TAPOS ANG PAGTUTURO BASE SA LANGUAGE GUAGE NA NAKASANAYAN, EH. PARANG SI JANET, SANAY SIYA SA ENGLISH KAYA HIRAP NA HIRAP SA FILIPINO SUBJECT NIYA...
HMM... ANG MADALAS NA SINASABI NI MATTHEW AY, UNA AY SYEMPRE MAGTAYO PA NG MARAMING SCHOOLS! PARA DI SILA NAGSISIKSIKAN SA CLASSROOM.
ANG HINDI MAGMAHAL SA KANYANG SALITA, MAHIGIT SA HAYOP AT MALANSANG ISDA! KITA MO,PARA KA LANG DING ANAK MO!
EH'S SO WRONG WITH THAT? MALI BA IYON, EH... IYON NA ANG NAKASANAYAN NO'NG BATA. ' MALI BA IYON?
'DI NAMAN SA MALIII... PPERO SIYEMPRE 'DI BA NGA ANG HINDI MAGMAHAL SA SARILING WIKA AT SOMETHING SOMETHING MALANSANG ISDA
PERO KUNG IISIPIN TALAGA NATIN, PAANO ANG MGA BATANG LUMAKI NANG HINDI NAKAKAINTINDI NG INGLES, PERO ANG MEDIUM OF INSTRUCTION AY INGLES? KAYA'T NANATILI ANG MABABANG MARKA NG PILIPINAS SA MATH AT SCIENCE.
SIGURO NGA TAMA KA, KASI KAHIT NGA SI JANET NA MAGALING SA ENGLISH AY HIRAP PA RIN SA MATH... PAANO PA ANG IBANG BATA?
SEE? MISMO...SAKA PATI ANG MGA LIBRO AY HINDI UPDATED. PAANO MAKAKA-ADAPT ANG MGA BATA KUNG ANG MATERIALS NILA AY LUMA?
EH NAPAKABILIS KASI MAGBAGO NG MUNDO... ALAM MO NA 'YONUN. FROM CELLPHONES, ANG MGA TREND, ARTISTA, ISSUES, AND EVEN THE CURRICULUM! ALAM MO 'YON?
OO, BABE, ALAM NA ALAM... PERO DAPAT YATA, KASING BILIS NG PAGBABAGO ANG PAGA-ADJUST NATIN.


SARI SARI STORE
TOMAS... KAPE, OH.
MARAMING SALAMAT, AGNES
ICE FOR SALE
LOAD HERE!
CANDY
JELLY
NAKUU, MALAPIT NA PALA BIRTHDAY NI BUNSO, PAUWI NA KAYA SIYA?
HINDI KO PA ALAM EH
BAKIT, TOMAS? MALALIM ANG IYONG INIISIP?
WALA NAMAN PROBLEMA, AGNES
SADYANG PASALAMAT LANG TALAGA DAHIL MAAYOS AT MAGINHAWA ANG BUHAY NG MGA ANAK NATIN. SI VINCENT, SI MATHEW. MASKI ANGNAPO NATING SI JANET


AKO ULIT 'TO SI TATAY TOMAS AT IYON ANG AKING ASAWANG SI AGNES. SA AWA NG DIYOS AY NAKARAOS KAMI, MULA SA AKING NAKARAANG MGA KWENTO.
MAAYOS ANG TRABAHO NI VINCENT AT NI MATHEW.NAKAKALAG-ARAL SI JANET AT BUONG PAMILYA SILA NI NICOLE. PANATAG AT MATATAGBANG AMING BUHAY.
SIGURO, SA AKING PUNTO-DE-VISTA AY HINDI NA ALINTANA KUNG PAANO NA SILA NGAYON. ANG IMPORTANTE AY SILA'Y MAKAPAG-ARAL. DAHIL 'DI LAHAT AY NABIYAYAAN NG KATULAD NA OPURTUNIDAD NA MAYROON SILA.
NGAYON NA SI VINCENT AY NAKAKAPAGTURO NA SA AWA NG DIYOS, NAKIKITA KONG MASAYA NA SIYA SA KANIYANG GAWAIN. MAGALING NGA RAW SIYANG GURO, SABI NI NICOLE.
SI MATTHEW NAMAN, NAGTATRABAHO PA RIN SA BANGKO SENTRAL. SA GALING DAW NIYA SA TRABAHO AY PALAGI RAW SIYANG BINIBIDA SA MGA PROMOTION AT OPENING SA OPISINA.
AT SI JANET. ANG NAPAKA-CUTE KONG APO. SA SUSUNOD NA PASUKAN AY HIGH SCHOOL NA SIYA. KAY BILIS NG PANAHON PARA KAY JANET, NAKU.
AT MATALINO SIYANG BATA, MAGALING NA BATA YANG APO KO AT MALAYO ANG MARARATING SA BUHAY.







## FACTS:

STUDIES HAVE SHOWN THAT 39% OF THE EMPLOYED FILIPINOS ARE OVERQUALIFIED FOR THEIR JOBS WHILE 29% LACK THE NECESSARY QUALIFICATIONS.

THE EXISTENCE OF THE WIDENING SKILLS MISMATCH IS PRESENT. THIS IS DUE TO THE OUTDATED EDUCATION SYSTEMS AND RAPID TECHNOLOGICAL ADVANCEMENTS THAT LIMITS THE LABOR PRODUCTIVITY OF THE WORKFORCE. (PIDS, 2024)


HTTPS://WWW.PIDS.GOV.PH/DETAILS/NEWS/IN-THE-NEWS/SKILLS-MISMATCH-HAMPERS-PHILIPPINE-ECONOMIC-GROWTH-EXPERTS-SAY











MATTHEW: O MASKI YUNG MGA KATULAD KO NA NAKAPAGTAPOS NG KOLEHIYO NGUNIT BINABARAT SA PASWELDO.
PAYCHECK
SIGURO, MARAMI PANG KAKAINING BIGAS ANG SISTEMA NG EDUKASYON SA PILIPINAS. KUMBAGA, MAY MGA BAGAY PANG MAPAPA-IMPROVE PA KUNG TAMA ANG IMPLEMENTATION NG MGA BAGAY-BAGAY DAHIL LAHAT NG TAO AY DESERVE MATAMASA ANG KARAPATAN SA PAG-AARAL.
NARRATOR: SINA MATTHEW, VINCENT, JANET AY ILAN LAMANG SA MGA MUKHA NG KASALUKUYANG SISTEMA NG EDUKASYON NA KAILANGANG BIGYANG PANSIN NG MGA MAMBABATAS AT MAKAGAWA NG PATAKARAN AT REPORMA NA MAGPAPABUTI SA KALIDAD NG EDUKASYON SA BANSA.
ANG MGA MUKHANG ITO AY HINDI LAMANG MGA KWENTO, ITO'Y HIGIT SA TOTONG KARANASAN NG BAWAT BATANG NAIS MAGING GURO, ENGINEER, DOKTOR, LAWYER AT IBA PANG PROPESYON.
NGUNIT DAHIL SA KASALUKUYANG KALIDAD NG EDUKASYON, AY NAGING NUMERO SA LUMALAGONG BILANG NG MGA OUT OF SCHOOL YOUTH SA BANSA.

SI TATAY TOMAS AY SIMBOLO NG PAG-PUPUNYAGI PARA SA HINAHARAP NG EDUKASYON AT NAKIKITA ITO SA MGA PANGARAP NA NATUPAD NINA MATTHEW AT VINCENT.

**KAYA'T TUNAY NGANG 'ANG TATAG NI TATAY.'**



# CROSSWORD PUZZLE




1. Ang namamahala at nangangasiwa sa sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas.

2. Ang bilang ng taon na ginugol ng isang tao sa pormal na edukasyon, ginagamit bilang sukatan ng pagganap ng isang sistema ng edukasyon.

3. Tumutukoy sa Grade 11 at 12, ang huling dalawang taon ng K to 12 Basic Education Program, kung saan ang mga mag-aaral ay may core curriculum at pumipili ng track.

4. Isang uri ng edukasyon na nagbibigay sa mga mag-aaral ng kasanayan at kaalaman para sa tiyak na trabaho, kabilang ang work-based training.

5. Isang sitwasyon kung saan pumapasok ang mga mag-aaral sa paaralan pero hindi natututo ng basic literacy, numeracy, and essential skills.

6. Ipapatupad bilang itinakdang minimum na pamantayan sa lahat ng pampubliko at pribadong paaralan na nag-aalok ng basic education.

7. Isang batas na nagsusulong ng pantay na access sa edukasyon para sa lahat ng mag-aaral, kabilang ang may kapansanan at mga nasa marginalized na grupo.

8. Isang kalagayang panlipunan at pang-ekonomiya na humahadlang sa access sa dekalidad na edukasyon dahil sa kakulangan sa pinansyal na kakayahan.

9. Ang proseso ng paglalaan ng pondo sa iba't ibang proyekto o gastusin, kung saan ang sektor ng edukasyon ang pangunahing prayoridad ayon sa batas.

# HITORI: I'LL DECODE IT MYSELF!

**Layunin: I-shade ang tamang mga kahon at alamin ang nakatagong mensahe.**

Mga Patakaran:

- Walang dobleng letra sa bawat hilera at kolum. Pagkatapos i-shade, dapat isang beses lang lumabas ang bawat hindi naka-shade na letra sa bawat hilera at kolum.
- Walang magkadikit na shaded na kahon. Hindi maaaring magdikit nang pahalang o patayo ang mga shaded na kahon.
- Kunin ang shaded na mga letra. Pagkatapos, paghalu-haluin ang mga ito at isulat ang tamang mensahe sa ibaba.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| B | T | E | R | F | U | P |
| L | T | E | O | E | K | T |
| E | R | N | E | T | L | U |
| R | F | T | T | U | E | V |
| T | U | W | Z | E | T | R |
| U | E | R | M | W | E | R |
| E | B | C | T | U | B | F |

**Our aim with education is to give every student a....**

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| | | | | | |

**MORE CLUE: NAGSISIKAP KA PARA DITO!**

# DISCUSSION QUESTION:

Ang Universal Access to Quality Tertiary Education Act ng 2017, na naglalayong magbigay ng libreng matrikula sa mga state universities at colleges, ay isang hakbang upang gawing mas accessible ang edukasyon sa kolehiyo para sa lahat ng Pilipino. Gayunpaman, ayon sa isang report ng EDCOM II, 4 sa 10 college students ang pinipiling mag-drop out, isang malinaw na indikasyon na hindi sapat ang Free Tuition Law upang mapanatili ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral. Mas pinipili ng iba ang magtrabaho dahil, bukod sa matrikula, ang mga nakatagong gastusin tulad ng pagkain, transportasyon, at mga materyales sa pag-aaral ay patuloy na nagiging hadlang, lalo na para sa mga estudyanteng mula sa mahihirap na pamilya.

Bukod dito, hindi rin natutugunan ng Free Tuition Law ang isyu ng representasyon ng mahihirap sa mga state universities and colleges (SUCs). Sa mga SUCs tulad ng University of the Philippines (UP) at Polytechnic University of the Philippines (PUP), ayon sa pag-aaral sa UP School of Economics, mayroong "income advantage" ang mga mayayaman sa admission, na nagreresulta sa maraming mahihirap na estudyante upang hindi makakakuha ng kursong nais nila. Sa ganitong sistema, naiiwan pa rin ang mga estudyanteng may mas kaunting oportunidad, sa kabila ng pagiging libre ng matrikula.

Sa iyong palagay, ano ang mas epektibong paraan upang matugunan ang mga hadlang sa edukasyon maliban sa tuition? Mas makakatulong ba kung ilalaan ang bahagi ng pondo ng Free Tuition Law sa iba pang anyo ng suporta, tulad ng stipend para sa pagkain, transportasyon, o pabahay, kaysa sa pagbibigay ng libreng edukasyon para sa lahat? Dapat ba itong gawing mas targeted upang tunay na makinabang ang mga mahihirap at matugunan ang issue ng mga drop out?

Maaari mong ibahagi ang iyong sagot dito: bit.ly/DiscussionQ2


Edukasyon MUNA:
Mga Mungkahi at Usapin
sa Nais na Aksyon

# KAUGNAY SA SULIRANIN NG LITERACY RATE

Sa mga nagdaang panahon, ilang beses nang nagbago ang kurikulum ng edukasyon sa Pilipinas—mula sa old K-10 curriculum, dumating ang K to 12, at ngayon naman, ang tinatawag na MATATAG Curriculum. Sa mga hakbanging ito, iisa lamang ang layunin. Ito ay ang maiangat ang kalidad ng edukasyon sa bansa at gawing mas epektibo ang pagkatuto ng bawat mag-aaral. Gayunpaman, sa kabila ng paulit-ulit na reporma, nananatili ang suliranin ng mababang literacy rate at patuloy na learning crisis, gaya na lamang ng ating nalaman ayon sa mga nabanggit na datos sa nabasang kwento.

Nitong nakaraan lamang din, naiulat ang hindi pagkilala ng Literacy Coordinating Council sa hawak na literacy data ng Department of Education, dahil daw sa hindi ito tugma sa kung anong meron sila. Sa isyu na ito, makikita natin ang hindi pagkakasundo ng dalawang ahensiya na siyang dapat na nagtutulungan sa paglutas ng suliranin na kinahaharap ng isa sa pinakamahalagang sektor sa bansa. Dito, makikita rin natin na sa kabila ng mga pagbabago, may mga mas malalalim pang problemang dapat na lutasin, na kung iisipin ay malaki ang maitutulong sa pagpunan sa mga kakulangan at sa mas masusi pang pagsusuri ng mga ininasagaswa at isasagawa pang pagbabago sa sektor ng edukasyon.

Dapat nating tandaan na may kahalagaan ang mga datos. Ang masusing pag-aaral ng mga ito ang makakatulong sa pagsasagawa ng mga polisiya at reporma na siyang angkop sa kalagayan ng mga sektor ng lipunan at ng bansa bilang kabuuan. Sa estado ng dalawang ahensiya, madaling isipin na ito ang maaaring pangunahing dahilan sa patuloy na paglala ng learning crisis sa bansa. Dahil sa kawalan ng pag-aaral sa mga angkop na datos, hindi nalalaman nang maayos ang kung ano ba talaga ang mga tunay na dahilan at mga mas angkop na solusyon sa kinakaharap na problema. Napipigilan nito ang mga batang Pilipino na makamit ang tama at basic na edukasyon na magiging pahirap para sa kanila sa pagkatuto sa iba pang asignatura at sa kanilang panglahatang pagkatuto.

Kaya, dapat na i-reassess ng LCC ang kanilang mandato bilang ahensiya, makipag-ugnayan nang mabuti sa DepEd at i-angkop ang kanilang mga pamamaraan sa global na mga pamantayan. Bilang ahensiya na nakatoka sa mabusising pakikialam sa sitwasyon ng literacy at pagbuo ng mga hakbang ukol dito, nakakalungkot na sila pa itong kulang kulang, outdated, o halos walang maayos na pagkilos ukol sa isyu. Kung magpapatuloy sila sa hindi paggampan ng kanilang mandato, magpapatuloy din ang kakulangan sa maayos na pagsusuri ng mga datos, na magdudulot ng patuloy na problema sa edukasyon. Hindi sapat ang pagpapalit ng mga asignatura o pagbabawas ng competencies kung hindi muna natutugunan ang mismong kakulangan sa literacy. Kailangang magkaroon ng mas tumpak na pagsusuri sa literacy levels, kung kaya't sana ay magpatupad ng standardized assessments na sumusunod sa global na pamantayan, at pagbibigay ng sapat na pagsasanay sa mga guro. Sa ganitong paraan, masisiguro na ang anumang repormang ipinatutupad ay may konkretong epekto sa kalidad ng edukasyon, sa halip na maging panibagong eksperimento na hindi ganap na natutugunan ang mga pangunahing isyu sa pagkatuto.



# HAMON SA KAKULANGAN NG SILID-ARALAN AT IMPRASTRUKTURA

Paano makakamit ng mga mag-aaral ang dekalidad na edukasyon kung mismo ang kanilang kapaligiran ay hindi akma para sa epektibong pagkatuto? Ayon sa ulat ng EDCOM 2, tinatayang 5.1 milyon sa 24 milyong mag-aaral sa pampublikong paaralan ang classified bilang '*aisle learners*' o mga estudyanteng lampas sa ideal na bilang na 25 hanggang 45 mag-aaral kada silid-aralan. Bukod dito, may 1,500 paaralang walang kuryente at 1,000 paaralang walang maayos na palikuran. Kaya simula pa noong dekada 1990, kinakailangang magpatupad ng dalawa o higit pang shift sa isang araw. Sa kabila ng mga pagsisikap na tugunan ang problemang ito, tinatayang aabutin pa ng mahigit 20 na taon bago ito tuluyang maresolba, batay sa kasalukuyang taunang budget na P24 bilyon. Ang patuloy na pagkaantala sa solusyon ng problemang ito ay naglalagay sa milyon-milyong mag-aaral sa alanganin at humahadlang sa kanilang karapatan sa dekalidad na edukasyon.

Isa sa mga epektibong estratehiya upang matugunan ang kakulangan sa silid-aralan at pasilidad sa mga pampublikong paaralan ay ang aktibong pakikipagtulungan sa non-government organizations (NGOs), local government units (LGUs), at public-private partnerships (PPPs). Maaaring mapalawak ang pondo para sa pagpapatayo ng mga bagong silid-aralan at iba pang mahahalagang imprastruktura. Ang pakikilahok ng pribadong sektor ay makatutulong sa paglikom ng karagdagang pondo at pagbibigay ng teknikal na suporta para sa mga proyektong pang-edukasyon. Bukod dito, mapapabilis din ang pagpapatayo at pagsasaayos ng mga pasilidad, na siyang magbibigay ng mas maayos na kapaligiran sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Makakatulong din ang Desentralisadong pamamahala upang mas matugunan ang mga partikular na pangangailangan ng bawat rehiyon. Maaaring walang "one-size-fits-all" na solusyon pagdating sa edukasyon, kaya't ang mga LGU ay mas may kakayahan na tukuyin ang mga lugar na higit na nangangailangan ng mga bagong silid-aralan. Kapag nabigyan ng sapat na awtonomiya at pondo, mas mabilis silang makakakilos at makakapagpatupad ng mga proyekto na naaayon sa konteksto ng kanilang lugar.

Upang matiyak na ang pondo ay nagagamit nang epektibo, kailangang ipatupad ang mahigpit na pagsubaybay at monitoring sa paggastos nito. Kailangan magkaroon ng malinaw na mga pamantayan at parameters upang matukoy kung alin sa mga proyekto at programa ang tunay na nagbibigay ng makabuluhang ambag sa sektor ng edukasyon. Bukod dito, kailangang magkaroon ng isang long-term infrastructure plan na nagtatakda ng mga priyoridad at timeline para sa pagtatayo ng mga silid-aralan at iba pang pasilidad. Ang regular na auditing at pagsusuri sa mga proyekto ay mahalaga upang masiguro na ang mga ito ay naisasakatuparan nang maayos at walang nangyayaring anomalya o korapsyon.

Ang problema sa kakulangan ng silid-aralan ay hindi lamang isang hamon sa sektor ng edukasyon kundi isang malaking balakid sa pag-unlad ng bansa. Sa tulong ng pamahalaan, pribadong sektor, at komunidad, maaaring makamit ang isang mas maunlad at makatarungang sistema ng edukasyon para sa lahat.



Kaugnay pa nito, ang Pilipinas ay nahaharap sa isang kritikal na kakulangan ng mga guro at punong guro, na parehong mahalaga sa de-kalidad na edukasyon. Nitong nakaraan lamang, naiulat na higit sa kalahati ng mga pampublikong paaralan sa bansa ang kasalukuyang walang tumatayong punong guro. Ang krisis na ito ay sumasabotahe sa kinabukasan ng mga estudyante at ng bansa.

Upang epektibong matugunan ito, kailangan ng komprehensibong estratehiya. Sa agarang panahon, dapat dagdagan ang workforce sa pamamagitan ng pagpapabilis ng proseso ng pagkuha, pagbabawas ng gawain, at pagbibigay ng mas mataas na kompensasyon at benepisyo para sa mga guro at punong guro. Kailangan ding magkaroon ng pansamantalang programa para punan ang mga bakante habang binubuo ang pangmatagalang solusyon.

Para sa pangmatagalang solusyon, mahalaga ang pagpapalakas ng kapasidad. Dapat magtayo para sa patuloy na professional development ng mga guro at prinsipal. Kailangan din ng pormal na 'succession planning' para sa mga lider ng edukasyon sa hinaharap. Ang pagpapalawak ng mga scholarship ay makakatulong din.

Sa huli, kailangan ang mga repormang pang-sistemiko at pananagutan. Dapat suriin at i-ayon ang mga patakaran sa edukasyon para tugunan ang mga isyu tulad ng workload at kompensasyon. Ang patas na performance evaluation at transparency sa datos ay mahalaga rin. Kailangan ding makipag-ugnayan sa mga guro, punong guro, magulang, at komunidad para sa pagtutulungan sa pagbuo ng solusyon



# GUSTO MO BANG SUMAMA?




# TARA NA SA BYAHE TUNGO SA KAUNLARAN PARA SA LAHAT!

# MGA SAGOT SA LARO

BOOK 1 & 2



# WORD SEARCH

| | |
|---|---|
| EMPLOYMENT | NUMERACY |
| TESDA | VOCATIONAL |
| ELEMENTARY | LITERACY |
| HUMAN DEVELOPMENT | SCHOLARSHIPS |
| SOCIAL EQUITY | ONLINE RESOURCE |
| EMPOWERMENT | LEARNING |
| POLICY REFORM | COMPETENCIES |
| UNIVERSAL ACCESS | KNOWLEDGE |
| COLLEGE | SKILLS |

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| H | | | | S | E | I | C | N | E | T | E | P | M | O | C |
| | U | N | I | V | E | R | S | A | L | A | C | C | E | S | S |
| | | M | K | N | O | W | L | E | D | G | E | | L | | E |
| | | | A | | | | S | L | L | I | K | S | E | T | M |
| Y | | | | N | U | M | E | R | A | C | Y | | M | N | P |
| T | | | | | D | | | | | | | | E | E | L |
| I | | | | | T | E | S | D | A | | | | N | M | O |
| U | | | | | | | V | | | | | | T | R | Y |
| Q | | C | O | L | L | E | G | E | | | | | A | E | M |
| E | | Y | C | A | R | E | T | I | L | | | | R | W | E |
| L | E | A | R | N | I | N | G | | | O | | | Y | O | N |
| A | S | C | H | O | L | A | R | S | H | I | P | S | | P | T |
| I | | | | | | | | | | | | M | | M | |
| C | V | O | C | A | T | I | O | N | A | L | | | E | E | |
| O | P | O | L | I | C | Y | R | E | F | O | R | M | | N | |
| S | O | N | L | I | N | E | R | E | S | O | U | R | C | E | T |

# CRYPTOGRAM

**Hanapin ang nakatagong mensahe!**

- Pinalitan ng numero ang bawat letra.
- Kapag nahanap mo na kung anong letra ang kinakatawan ng bawat numero, isulat ito sa talaan sa ibaba. May ilang letra nang ibinigay bilang tulong.

| Q | U | A | L | I | T | Y |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 7 | 23 | 8 | 25 | 6 | 13 | 16 |

| E | D | U | C | A | T | I | O | N |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 19 | 11 | 23 | 17 | 8 | 13 | 6 | 15 | 1 |

| N | O | W | ! |
|---|---|---|---|
| 1 | 15 | 2 | |

| A | B | C | D | E | F | G | H | I | J | K | L | M |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 8 | | 17 | | 19 | | | 12 | 6 | | | 25 | |

| N | O | P | Q | R | S | T | U | V | W | X | Y | Z |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 15 | | 7 | | | 13 | 23 | | 2 | | 16 | |

**CLUE: DESERVE NATIN 'TO!**



# HITORI: I'LL DECODE IT MYSELF!

**Layunin: I-shade ang tamang mga kahon at alamin ang nakatagong mensahe.**

Mga Patakaran:

- Walang dobleng letra sa bawat hilera at kolum. Pagkatapos i-shade, dapat isang beses lang lumabas ang bawat hindi naka-shade na letra sa bawat hilera at kolum.
- Walang magkadikit na shaded na kahon. Hindi maaaring magdikit nang pahalang o patayo ang mga shaded na kahon.
- Kunin ang shaded na mga letra. Pagkatapos, paghalu-haluin ang mga ito at isulat ang tamang mensahe sa ibaba.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| B | T | E | R | F | U | P |
| L | T | E | O | E | K | T |
| E | R | N | E | T | L | U |
| R | F | T | T | U | E | V |
| T | U | W | Z | E | T | R |
| U | E | R | M | W | E | R |
| E | B | C | T | U | B | F |

**Our aim with education is to give every strudent a....**

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **B** | **E** | **T** | **T** | **E** | **R** |
| **F** | **U** | **T** | **U** | **R** | **E** |

**MORE CLUE: NAGSISIKAP KA PARA DITO!**

# HDI ON EDUCATION

ACCORDING TO THE UN DEVELOPMENT PROGRAMME, THE HUMAN DEVELOPMENT INDEX (HDI) IS "A SUMMARY MEASURE OF AVERAGE ACHIEVEMENT IN KEY DIMENSIONS OF HUMAN DEVELOPMENT: A LONG AND HEALTHY LIFE, BEING KNOWLEDGEABLE AND HAVING A DECENT STANDARD OF LIVING". IT MEASURES LIFE EXPECTANCY, EDUCATIONAL ATTAINMENT, AND STANDARD OF LIVING OF PEOPLE TO CREATE A PICTURE OF HUMAN DEVELOPMENT WITHIN COUNTRIES. THE HDI CAN BE USED TO CREATE NATIONAL POLICIES THAT MOVE FORWARD HUMAN DEVELOPMENT NECESSARY FOR THE LONGEVITY OF NATIONS.

ACCORDING TO SOVIZ AND CHAVOOSHI (2019), EDUCATION HELPS IN UPWARD SOCIAL MOBILITY AND INCREASING HUMAN CAPABILITIES. EDUCATION BECOMES KEY TO SOCIAL AND ECONOMIC DEVELOPMENT, PROMOTES PEACE AND STABILITY IN THE SOCIETY AND UPHOLDS DEMOCRACY. FURTHER, HIGHER EDUCATION NOT ONLY PROVIDES EDUCATION AND SKILL TRANSFER TO STUDENTS BUT ALSO LEADS TO EMPLOYMENT, INCREASE IN WEALTH, AND ECONOMIC GROWTH. PEOPLE WITH HIGHER EDUCATION CAN MAKE BETTER CHOICES ABOUT THEIR LIVES AND PROVIDE OPPORTUNITIES TO CREATE BETTER LIVES FOR OTHER PEOPLE. UNDOUBTEDLY, PEOPLE WITH HIGHER EDUCATION MAKE MORE MONEY THAT STIMULATES THE ECONOMY.

SOCIALLY, IT IS PERCEIVED THAT PEOPLE GRADUATING WITH HIGHER EDUCATION WILL BECOME SUCCESSFUL. THEY HAVE A CHANCE TO MAKE BETTER LIVES FOR THEMSELVES, THEIR FAMILIES, AND THEIR COMMUNITIES. THIS IS THE REASON WHY EDUCATION IS SO IMPORTANT IN THE HUMAN DEVELOPMENT INDEX (HDI). WITHOUT IT, THE PROGRESS IN SOCIETY MAY BE STUNTED DUE TO THE LACK OF DEVELOPMENTS BROUGHT BY MISEDUCATION TO SOCIETY.

